## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesu-Cristo bilang sakripisyo na nagsilbing pangtubos sa ating kasalanan at sa mga bunga nito, at bilang halimbawa ng pamumuhay na nagbibigay kasiyahan sa Diyos.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng buhay mo kung saan kailangan mong isapamuhay ang kalayaan at kaayusan na pinagtagumpayan ni Jesus sa krus. Hingin sa Diyos ang kakayahan upang mamuhay hindi sa kasalanan kundi sa paraang magbibigay karangalan sa Kanya.
- Ipanalangin na habang namumuhay ka nang may kalayaan sa kasalanan, magagawa mong hikayatin ang mga tao sa paligid mo na tanggapin din ang ebanghelyo.

## NOTES

VICTORY

© 2018 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

# THE STORY OF US

FILIPINO | WEEK 3

## Ang Pagtubos sa Tao

## WARM-UP

- Ano ang pinakapaborito mong bagay sa buong mundo? Ano ang nagustuhan mo dito?
- Ano ang isang bagay na mayroon ka noong bata ka na gusto mong magkaroon ulit ngayon? Bakit mo gustong magkaroon ulit nito ngayon?
- Kung kaya mong bumalik sa nakaraan, babalik ka ba para baguhin ang isang pangyayari sa buhay mo? Magkuwento tungkol dito.

## WORD

*Ikaw at ang babae ay mag-aaway. Ang lahi mo at ang lahi niya ay mag-aaway din. Dudurugin niya ang ulo mo at tutuklawin mo ang sakong niya.”* **GENESIS 3:15**

(Basahin din ang **GENESIS 3:11–24.**)

Nilikha ng Diyos ang mundo para sa kabutihan, subalit dahil sa pagsuway ng tao, nasira ang orihinal na disenyo ng Diyos. Hindi lang ito, ang bunga ng kasalanan ay paghihirap sa ating mga relasyon at paraan ng pamumuhay. Ang buhay na itinalaga ng Diyos para sa tao ay nasira. Subalit dahil sa pagmamahal sa atin ng Diyos, hindi Niya hinayaang magpatuloy ito. Ipinadala ng Diyos si Jesu-Cristo, ang kaisa-isa Niyang anak, upang tubusin ang tao sa bunga ng kasalanan at linisin tayo mula sa mga ito. Siya ang anak na tinutukoy ng Diyos sa Hardin ng Eden. Ngayon, titignan natin kung paano tayo tinubos ng Diyos mula sa ating kasalanan at ibinalik sa ating orihinal na pagkakakilanlan at layunin.

## 1 Tinubos tayo ni Jesus mula sa kapangyarihan at sumpa ng kasalanan.

*[18]. . . ang ipinangtubos sa inyo'y hindi ang mga bagay na nawawala katulad ng ginto o pilak, [19]kundi ang mahalagang dugo ni Cristo. Katulad siya ng isang tupa na walang dungis o kapintasan na inihandog sa Diyos.* **1 PEDRO 1:18,19**

Ang pagtubos ay nangangahulugan ng pagbawi sa pamamagitan ng pagbili o pagbibigay ng kapalit bilang kabayaran. Dahil ang tao, sa pamamagitan nina Adan at Eva, ay nagkasala, tayo ay nawala sa ilalim ng kapangyarihan at kagustuhan ng Diyos. Tayo ay wala na sa Diyos, bagkus ay nasa kasalanan na. Ang kabayaran sa kasalanan natin ay kamatayan (Mga Taga-Roma 3:23). Subalit dahil dumating si Jesus, ipinamuhay para sa atin ang buhay na walang kasalanan, ikinamatay ang kamatayang dapat ay para sa atin, at nabuhay muli, tayo ay natubos mula sa walang saysay na pamamaraan ng kasalanan. Tayo ay tinubos ng Diyos at ibinalik sa tamang relasyon sa Kanya. Ibig sabihin nito ay hindi na tayo dapat mamuhay sa kasalanan, bagkus ay mamuhay sa paraang nagbibigay kasiyahan at sumusunod sa Diyos. Ang lahat ng ito ay posible kung tatanggapin natin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas natin. Paano nagbago ang buhay mo simula nang tanggapin mo si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas mo?

## 2 Ibinalik ni Jesus ang ating pagkakakilanlan at layunin.

*[4]Ngunit napakamaawain ng Diyos at napakadakila ng pag-ibig niya sa atin, [5]na kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Cristo. (Kaya naligtas tayo dahil lamang sa biyaya ng Diyos.) [6]At dahil sa pakikipag-isa natin kay Cristo Jesus, binuhay tayo ng Diyos mula sa mga patay kasama ni Cristo . . .* **MGA TAGA-EFESO 2:4-6**

Si Jesus ay hindi namuhay dito sa lupa para lamang iligtas tayo mula sa ating mga kasalanan. *Kahit itinuring tayong patay dahil sa mga kasalanan natin, muli niya tayong binuhay kasama ni Cristo, binuhay tayo ng Diyos mula sa mga patay kasama ni Cristo, para maghari tayong kasama niya sa kaharian sa langit.* Ang kamatayan at muli Niyang pagkabuhay ang nagbalik ng imahe ng Diyos sa atin at naglagay sa atin sa layunin na itinakda ng Diyos para sa atin noong simula pa lamang. Kay Jesus, tayo ay naging mga bagong nilalang at ang ating kasalanan ay tinanggal Niya (2 Corinto 5:17). Ano sa palagay mo ang layunin ng Diyos sa buhay mo?

## APPLICATION

- Tinanggap mo na ba si Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Ano ang isang pagkakamaling nagawa mo ang naituwid na ng Diyos subalit mabigat pa rin sa pakiramdam mo? Paano mo mas mapapahalagahan at maiintindihan ang sakripisyo na ginawa ni Jesus sa krus para sa atin ngayon?
- Ano ang ebanghelyo? Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang kailangang makarinig ng ebanghelyo ngayong linggo at ng pagtubos at pagsasa-ayos ng relasyon na ibinibigay ng Diyos?